

ANG PAGTUGON NG BUONG CANADA SA COVID-19

Simula pa noong nagsimula ang novel coronavirus ay nagtutulungan na ang Public Health Agency of Canada at ang mga panlalawigan at teritoryal na awtoridad ng pampublikong kalusugan upang masigurado na may koordinasyon sila upang bagalan ang pagkalat ng virus, at upang mabawasan ang mga impact nito sa ating populasyon (lalo na sa mga taong mahihina ang katawan o sistema) at sa ating sistema ng kalusugan.

Kabilang sa ating pang-emergency na paghahanda at mga pantugon na pagkilos ang:



MGA NETWORK NG LABORATORYO

Gamit ang mga mabilis na nagbabagong teknolohiya upang magdibelo at madagdagan sa buong bansa ang kakayahan sa pagususuri para sa COVID-19.



PAGSUBAYBAY

Pagtukoy sa mga kaso at sa kanilang mga nakasalamuha nang masundan ang mga exposure o pagkalantad at nang masubaybayan ang pagpalaganp sa komunidad upang mabilis na makakilos at mapuntirya o ma-target ng mga awtoridad ng pampublikong kalusugan kung ano ang dapat gawin.



PANANALIKSIK

Pagbigay ng kontribusyon sa mga pagsisikap ng mga bansa sa mundo upang mas maunawaan ang COVID-19 upang makapagdibelo ng mga bagong tool sap ag-diagnose, bakuna, at paggamot.



MGA SUKATAN SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN

Pagtaguyod sa mga kilos na dapat gawin ng mga propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan, mga tagapag-empleyo, mga ekswelahan, mga komunidad, at ng lahat upang protektahan ang kanilang mga sarili at ang iba mula sa sakit, at upang mapabagal ang pagkalat ng virus—hal., kalinisan ng kamay, paano umubo nang tama, self-isolation, at physical distancing.



PAGHANDA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Pagdala ng resource, tulad ng mga surgical masks, face shield, gamot, at worker ng pangangalagang pangkalusugan sa iba't-ibang dako ng Canada kung saan sila kinakailangan.



KOMUNIKASYON AT PAKIKIPAG-UGNAYAN

Pagbigay ng napapanahon at napapagkatiwalaang impormasyon batay sa ebidensiya; ang impormasyon na ito ay kinakailangan ng Canadians upang protektahan ang kanilang mga sarili, ang kanilang mga pamilya, at ang kanilang mga komunidad at mga negosyo.



BORDER AT KALUSUGAN KAPAG NAGBIBIYAHE

Titingnan kung sino ang mga nagbibiyaheng maaring may sakit, at ipaalám sa lahat ng mga biyaherong pumapasok sa Canada na dapat silang mag-self-isolate, mag-monitor para sa mga sintomas, at kumilos nang naaangkop kapag nakaranas sila ng mga sintomas.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA CORONAVIRUS:

 1-833-784-4397

 canada.ca/le-coronavirus